Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

16 Hunyo 2024 | Ika-11 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon B

ARAW NG MGA AMA

MGA SAKSI AT KATUWANG SA PAGLAGANAP NG KAHARIAN

Ngayong Linggo, inaanyayahan tayong pagnilayan ang kagandahan ng Kaharian ng Diyos. Ang kamangha-manghang handog na ito ay nakaugat sa pag-ibig ng Panginoon sa sangkatauhan. Ito ang GAWAIN ng Diyos at tinitiyak nito ang tagumpay ng mga gawaing ito na kung saan hinihikayat ang sangkatauhan na makibahagi bilang mga katuwang.

Ang proyektong ito ng Kaharian ay inilunsad ng Nagkatawang-taong Anak ng Diyos, si Hesukristo. Hindi lamang siya ang pinakamabunying tagapagpahayag, kundi siya rin ang pinakaperpektong pagpapatotoo nito, at samakatuwid, ang ating pinakamataas na modelo na dapat tularan.

Sa Eukaristiya, pupurihin natin ang Panginoon sa kahanga-hangang paglago ng Kaharian. Pasasalamatan din natin Siya sa kanyang paglikha sa atin hindi lamang bilang mga saksi sa mga kagandahang ito, kundi bilang Kanyang mga mapagpakumbabang katuwang sa paglago ng Kaharian.

Ngayo'y ipinagdiriwang din natin ang "Araw ng mga Ama." Maganda itong pagkakataong ipakita natin ang ating pag-ibig sa lahat ng ama sa daigdig, lalo na sa ating mga sariling ama.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Dinggin mo ang aking tawag, Poon, ikaw ay mahabag, ako'y tulungan mo agad. Akin kitang hinahanap, huwag biguin aking sikap.

Pagbati

***P*–** Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
***B*– Amen!**
***P*–** Purihin ang Panginoong ating Diyos, na siyang simula at katuparan ng "Kaharian ng Diyos." Ang pagpapala Niya at kapayapaan ay sumainyong lahat!
***B*– At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

***P*–** Bilang paghahanda sa pagdiriwang ng Eukaristiyang ito, aminin natin ang ating mga kasalanan at ihingi sa Diyos ng awa at kapatawaran. *(Tumigil saglit.)*

***P*–** Panginoong Hesus, isinugo ka ng Ama upang ipahayag at itatag ang Kaharian ng Diyos dito sa lupa. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*– Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*–** Panginoong Hesus, ikaw ang walang kapintasang kaganapan at modelo ng Kaharian. Kristo, kaawaan mo kami!
***B*– Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*–** Panginoong Hesus, tinawag mo kaming makibahagi sa pagpapalaganap at pagtatatag ng Kaharian ng Diyos. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*– Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*–** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B*– Amen!**

Papuri

***B*–** Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos,

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

***P*–**Ama naming makapangyarihan, lakas ka ng mga walang inaasahan kundi ikaw. Ang pagluhog namin ay iyong pagbigyan sapagkat kami'y mga tao lamang na pawang mahihina kapag iyong iniwanan; kaya naman kami'y lagi mong tulungan upang sa pagtupad ng iyong mga kautusan ikaw ay aming mabigyang kasiyahan sa aming iniisip at ginagawa araw-araw sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Ez 17:22-24***

Pakiramdam ng mga Israelita na sila ay pinabayaan na ng Panginoon habang sila ay nababulok sa kanilang pagkakatapon sa Babiloniya, malayo sa kanilang lupang sinilangan at api-apihan ng kanilang mga panginoon. Sa pamamagitan ng propetang si Ezekiel, binigyan sila ng Panginoon ng pag-asa habang isiniwalat niya sa kanila ang magandang kinabukasang naghihintay para sa kanila.

***L*–**Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Ezekiel

Ito nga ang ipinasasabi ng Panginoon, "Kukuha ako ng isang usbong ng sedro at aking iaayos. Ang kukunin ko'y yaong pinakamura ng pinakamataas na sanga. Itatanim ko ito sa isang mataas na bundok, sa pinakamataas na bundok ng Israel upang lumago at mamungang mabuti at maging isang kahanga-hangang sedro. Sa gayon, lahat ng uri ng hayop ay makapaninirahan sa ilalim nito. Ang mga ibon nama'y makapamumugad sa mga sanga nito. Kung magkagayon, malalaman ng lahat ng punongkahoy na mapabababa ko ang mataas na kahoy at maitataas ko yaong mababa; na matutuyo ko ang sariwang kahoy at mapananariwa ko yaong tuyong punongkahoy. Akong Panginoon ang nagsasabi nito at ito'y gagawin ko."

Ang Salita ng Diyos!
***B*– Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 91***

B*–*Totoong kalugud-lugod ang magpasalamat sa D'yos!

R. M. Velez



*** Ang magpasalamat sa Panginoong Diyos ay mabuting bagay, umawit na lagi, purihin ang ngalang Kataas-taasan. Pag-ibig n'yang wagas ay dapat ihayag, kung bukang-liwayway; pagsapit ng gabi ang katapatan n'ya'y ihayag din naman.** ***B.***

*** Katulad ng palma, ang taong matuwid tatatag ang buhay, parang mga sedro, kahoy sa Libano, lalagong mainam. Parang punongkahoy na doon natanim sa tahanan ng Diyos, sa banal na templo ito ay lalago na nakalulugod.** ***B.***

*** Tuloy ang pagbunga kahit na ang punong ito ay tumanda, luntia't matatag, at ang dahon nito ay laging sariwa. Ito'y patotoo na ang Panginoo'y tunay na matuwid, siya kong sanggalang, matatag na batong walang bahid dungis.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***2 Cor 5: 6-10***

Sa kanyang liham sa mga taga-Corinto, binigyang-diin ni Pablo na, bagamat nais nilang makapiling kaagad ang Panginoon, ang higit na mahalaga ay ang mamuhay nang kaaya-aya sa paningin ng Panginoon, bilang paghahanda sa araw ng paghuhukom.

***L*–**Pagbasa mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid, laging malakas ang aking loob. Alam ko na habang tayo'y nasa tahanang ito, ang ating katawan, hindi mapapasaatin ang tahanang galing sa Panginoon. Namumuhay ako ayon sa pananalig sa Diyos, hindi sa mga bagay na nakikita. Malakas nga ang loob kong iwan ang katawang ito na aking tinatahanan upang manirahan sa piling ng Panginoon. Kaya naman, ang pinakananais ko ay maging kalugud-lugod sa kanya, sa tahanang ito o doon man sa langit. Sapagkat bawat isa ay haharap sa hukuman ni Kristo upang tumanggap ng kaukulang ganti sa kanyang ginawa, mabuti man o masama, nang siya'y nabubuhay pa sa daigdig na ito.

Ang Salita ng Diyos!
***B*– Salamat sa Diyos!**

Aleluya

***B*–Aleluya! Aleluya!**
Salita ng D'yos ang buto
na tanim ni Hesukristo
upang tumubo sa tao.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Mc 4:26-34***

Inihalintulad ni Hesus ang Kaharian sa isang buto. Sa unang parabula, binigyang-diin niya na ang kakayahan ng Kaharian upang lumago ay hindi mula sa tao kundi sa Diyos. Sa ikalawang parabula, ipinakita niya na ang isang maliit na buto ng Kaharian ay may kakayahang lumago sa paraang kamangha-mangha.

***P*–**Sumainyo ang Panginoon!
***B*–At sumaiyo rin!**
***P*–**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
***B*– Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga tao, "Ang paghahari ng Diyos ay maitutulad sa isang naghahasik ng binhi sa kanyang bukid. Pagkatapos niyon, magpapatuloy siya sa kanyang pang-araw-araw na gawain; tutubo at lalago ang binhi nang hindi niya nalalaman

kung paano. Ang lupa'y siyang nagpapasibol at nagpapabunga sa mga pananim: usbong muna, saka uhay na pagkatapos ay mahihitik sa mga butil. Pagkahinog ng mga butil, agad itong ipagagapas sapagkat dapat nang anihin.

Sa ano natin ihahambing ang paghahari ng Diyos?" sabi pa ni Hesus. "Anong talinghaga ang gagamitin natin upang ilarawan ito? Tulad ito ng butil ng mustasa na siyang pinakamaliit sa lahat ng binhi. Kapag natanim na at lumago, ito'y nagiging pinakamalaki sa lahat ng puno ng gulay; nagkakasanga ito nang malalabay, anupat ang mga ibon ay nakapamumugad sa mga sanga nito."

Ang Salita'y ipinangaral ni Hesus sa kanila sa pamamagitan ng maraming talinghagang tulad nito, ayon sa makakaya ng kanilang pang-unawa. Hindi siya nangaral sa kanila nang hindi gumagamit ng talinghaga; ngunit ipinaliwanag niya nang sarilinan sa kanyang mga alagad ang lahat ng bagay.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B **–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B **–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P **–**Ipinaaalala ng ating Ebanghelyo ngayon na sa pagsasakatuparan ng plano ng Diyos, hindi tayo dapat maging mga tagapanood kundi mga katuwang na nakikibahagi sa pagpapalawig ng Kaharian at gawain ang nararapat upang ito ay maisabuhay nang ganap. Humiling tayo ng biyayang sapat upang maisakatuparan ito:

B **–Panginoon, mapasaamin nawa ang Kaharian Mo!**

* Para sa Simbahan, na inatasan ni Kristong ipagpatuloy ang kanyang misyong maghasik ng binhi ng Kaharian sa buong mundo: Nawa'y gawin niya ito na tigib ng katapatan at pag-asa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa at lahat ng pinuno ng mga lokal na sambayanang Kristiyano: Nawa'y higit pa nilang gabayan ang mga mananampalataya sa pamamagitan ng kanilang masiglang pagpapahayag ng Kaharian at pagsasabuhay nito. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga pinunong sibil, sa larangan ng pulitika at kultura: Nawa'y ang kanilang mga balakin at paggawa ay higit na magpaunlad at magpatibay sa mga pinahahalagahan ng Kaharian ng Diyos, tulad ng katarungan, kalayaan, at kapayapaan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng ama: Nawa'y pangalagaan nila ang kanikanilang pamilya tulad ng pangangalaga sa atin ng Diyos Ama, at pagpalain nawa sila ng pagibig, kapayapaan, at kagalakan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating parokya, mga BEC, at mga komunidad na karismatiko: Nawa'y maging tanda at tagapagdala sila ng kapangyarihan at kabanalan ng Kaharian ng Diyos sa lahat ng mga kasapi ng ating lipunan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga migranteng umiiwas sa gutom at giyera na napipilitang mangibang-bayan sa kabila ng panganib at karahasan: Makatagpo nawa sila ng pagtanggap at pagkalinga sa mga bayang magbubukas ng pintuan sa kanila. Manalangin tayo! ***B.***

P **–**Panginoong Diyos, Ikaw ang pasimula, ang tagapagtaguyod, ang lubos na katuparan ng kagandahan ng iyong Kaharian. Kami'y nagpapasalamat na kami'y Iyong tinawag upang maging katuwang sa pagpapalaganap ng Iyong mapagligtas na panukala. Pagkalooban mo kami ng pananampalataya, kababaangloob, at tiyagang kinakailangan namin upang aming matupad ang dakilang misyong ito. Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B **–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P **–** Manalangin kayo . . .

B **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P**–**Ama naming Lumikha, kami'y ginawa mong may angking katauhan na dapat pakanin at pangalagaan at iyong dinudulutan ng banal na pakikinabang. Ipagkaloob mong kami'y huwag magkulang sa mga iniuukol mo sa aming kapakanan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **– Amen!**

Prepasyo VII

P **–** Sumainyo ang Panginoon!

B **–At sumaiyo rin!**

P –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B **–Itinaas na namin sa Panginoon!**

P **–**Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B **–Marapat na siya ay pasalamatan!**

P **–** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging

di na iba sa amin bagama't di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Niloob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami'y tunghayan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha't ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang napariirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

***B* –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**
Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Panginoong Hesus, ang banal na tagapaghasik ng buto ng Kaharian at ang lubos na katuparan ng kanyang mga kakayahan. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng mundo. Mapalad ang tinawag sa Piging ng Kaharian!

***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang aking tanging mithiin sa Diyos ay hinihiling na siya ay makapiling sa tahanan n'yang maningning ay akin ngayong hangarin.

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–** Ama naming mapagmahal, ang pinagsaluhan naming banal na pakikinabang na nagpapahiwatig ng iyong pakikiisa sa tanang naritong nakikipagdiwang ay magdulot nawa ng pagkakaisa sa iyong Sambayanan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen!**

PAGWAWAKAS

***P*–** Sumainyo ang Panginoon.

***B* –At sumaiyo rin!**

***P*–** Yumuko at hilingin ang pagpapala ng Panginoon.
(Manahimik sandali.)
– Malugod na pinili ng Ama na ipagkatiwala ang kayamanan ng Kaharian sa inyo. Pahalagahan nawa ninyo ito at ibahagi ang Kanyang pagpapala sa mga nasa paligid ninyo.

***B* –Amen!**

***P*–** Pagyamanin nawa ninyo ang mga pagpapahalaga ng Kaharian, itaguyod ang mga ito, at isabuhay sa araw-araw na pamumuhay.

***B* –Amen!**

***P*–** Pagkalooban nawa kayo ng Panginoon ng malinaw na kaisipan, dalisay na puso, at matibay na kalooban upang maging tagapagpahayag at manggagawa ng Kaharian dito sa lupa, at maging tagapagmana ng mga pagpapala sa kabilang buhay.

***B* –Amen!**

***P*–** Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B* –Amen!**

***P*–** Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo at maging mga saksi ng Kaharian saanman kayo naroroon.

***B* –Salamat sa Diyos!**

Tune in to Radio Veritas (846 kHz) every Saturday from 5:00 to 6:00 p.m. and listen to BISPERAS SA VERITAS the interactive radio program that helps you discover – the messages of each Sunday Theme and Biblical readings, and – how they can empower your life, your family, and your community.

BISPERAS SA VERITAS 846 kHz-AM

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, L. Balboan, V. David, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

MUMUNTING BUTIL NG KAHARIAN

Kalakbay at Katoto

Madaling maniwala kapag nakita natin ang isang bagay. Maging si Tomas na disipulo ay hindi agad naniwala. Ginusto niyang makita ang mga sugat ng Panginoon at mahipo pa ang mga iyon. Iba na talaga pag nakita mo mismo ang isang pangyayari.

Hindi madali sa mga tao ngayon ang maniwala sa isang patunay o kwento. Kailangan mo munang patunayan sa pamamagitan ng isang larawan o iba pang ebidensya.

Pero nang nabuhay na mag-uli si Hesus at nagpakita kay Tomas at sa iba pang disipulo, mayroon rin si Hesus ng mga patunay. May sugat. May butas ang tagiliran. May tanda ng mga koronang tinik na tumusok sa kanyang noo at ulunan.

Pero si Tomas ay hindi na nagpanggap na isang biologist. Hindi na niya kinailangang hipuin ang sugat. Hindi na niya hinanap at tiningnan ang mga tanda ng pako sa kamay at tulos sa tagiliran.

Thomas lived by faith, not by sight. **Nabuhay siya ayon sa pananampalataya, hindi sa ayon sa kanyang nakikita.**

Malinaw ang leksyon para sa atin ngayon. Sa isang mundong ang hanap ay laging selfie at higit pang mga patunay, kailangan nating matutong maniwala nang wala nang iba pang patunay maliban sa patunay ng Diyos.

At ito ang dakilang patunay ng Diyos. **Tulad ng butil ng mustasa, na kay daling hipan at kay daling mawala, ang Kaharian ng Diyos ay lumalago at nagiging isang bantayog ng katotohanang ang Diyos ay sumasaatin at kapiling natin.**

Huwag na tayong maghanap pa ng selfie o meme. Huwag na tayong magsikap na makita ang lahat upang mapatunayang totoo. **Sapat na na makaniig natin ang Diyos.**
Sapat na na atin siyang mahalin, kilalanin, at sundin. At ang pananampalataya natin ang siyang maghahatid pa sa higit na katotohanan at tanging katotohanan lamang.

Pag natagpuan natin ang totoo, mayroon pa bang dapat hanapin?

Pope Francis has gifted the Church with yet another gem of his teaching ministry:

an Apostolic Letter titled

"PATRIS CORDE"
(WITH A FATHER'S HEART)



In this Letter, the Holy Father speaks of ST. JOSEPH, Mary's husband, as the privileged man who ***welcomed*** and ***loved Jesus*** with a father's heart, ***protected*** him from dangers and ***taught*** him to be a good carpenter . . . . and in so doing, Joseph became also our Model and Protector.

Get this precious booklet which, in addition to Pope Francis' Letter, contains also:

1. a historical background to the proclamation of St. Joseph as Patron of the Universal Church;
2. a topical collection of passages from Pope Francis' *"Patris Corde";*
3. a brief history of the devotion to St. Joseph; and
4. a collection of prayers and hymns in honor of this great Saint.

This booklet of 80 pages will be available in all Catholic and parish bookstores.

Word And Life Publications / Word And Life Religious Store
https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021
https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore